

110 年新北市各級學校東南亞語文競賽

團體朗讀文稿 菲律賓語 國高中組 B

鳳梨的傳說

Ang Alamat ng Piña

May isang batang babae noon, Pinang ang pangalan niya. Maganda siya at mahal na mahal siya ng kanyang Nanay. Madalang siyang tumulong sa mga gawaing-bahay na naging dahilan ng pagiging tamad ni Pinang.

Minsan, nagkasakit ang kanyang Nanay. Nanghina ang katawan, hindi makakilos, at si Pinang lamang ang maaaring tumulong.

Sinabi ni Nanay kay Pinang: “Magwalis ka ng mga dahon sa hardin.” Sagot ni Pinang: ”Nasaan po ang mga dahon? Malinis po ang hardin! Hindi ko rin po makita ang walis.”

Sinabi ni Nanay kay Pinang: “Maghugas ka ng bigas.” Nagtanong si Pinang: “Nasaan po ang bigas? Madaming gamit po sa kusina, hindi ko po makita ang bigas.”

Sinabi ni Nanay kay Pinang: “Magluto ka ng kanin.” Nagtanong si Pinang: “Nasaan po ang kawali? Hindi ko po makita ang kawali.”

Sinabi ni Nanay kay Pinang: “Magpakain ka ng mga manok.” Nagtanong si Pinang: “Nasaan po ang pagkain ng

mga manok? Hindi ko po makita ang pagkain ng mga manok.”

Dumarami na ang mga dahon sa paligid ng hardin. Nakalagay sa dating lagayan ang walis, bigas, kawali at pagkain ng manok ngunit dahil tamad si Pinang, ayaw maghanap at nagsasabing hindi niya makita ang mga ito.

Lalong lumala ang pakiramdam ni Nanay. Mahina ang katawan hindi makabangon sa kama. Hindi niya mapigilang magsabi ng: “Sana’y magkaroon ka ng maraming mata upang hindi mo sabihin na hindi mo makita ang mga gamit.”

Pagkatapos nitong sabihin ni Nanay, nakatulog na siya.

Kinabukasan, magaling na ang katawan ni Nanay. Tinatawag niya si Pinang pero hindi niya mahanap si Pinang. Ngunit may nakita si Nanay na isang kakaibang halaman sa hardin. Dating hindi niya ito nakikita roon, at may balat na kulay dilaw at berde. Tila may maraming mata ang bunga nito. Ang sabi ng mga tao, si Pinang daw ang halaman na ito kaya tinawag itong piña.